Ano ang Kakulangan sa G6PD?

http://www.g6pdhk.com

Ang kakulangan sa G6PD ay isang sakit na namamana na nangyayari kapag ang katawan ay hindi gumagawa ng sapat na enzyme na tinatawag na glucose-6-phosphate dehydrogenase (G6PD). Pinoprotektahan ng G6PD ang mga pulang selula ng dugo mula sa mga sangkap na maaaring makasama dito.
Ang mga pulang selula ng dugo na walang sapat na G6PD ay sensitibo sa ilang gamot, pagkain, at impeksyon na nagiging dahilan sa mabilis na pagkawala ng pulang selula ng dugo sa loob ng maiksing panahon. Ang ganitong reaksyon ay tinatawag na krisis sa hemolytic.



Kasama sa mga nagiging dahilan ng hemolysis ay:

- sakit, tulad ng impeksyon dahil sa bakterya at virus
- ilang pangpawala ng sakit at gamot sa lagnat
- ilang antibiotic (kadalasan ay ang may "sulf" sa kanilang pangalan)
- ilang gamot laban sa malaria (madalas ay may "quine" sa pangalan)
- Patani (na tinatawag ding bataw).
- naphthalene (isang kemikal na makikita sa mothball at moth crystals).

Kasama sa mga Senyales at Sintomas ng hemolysis ay:

- pamumutla (ang pamumutla ay madalas nakikita sa bibig, lalo na sa labi o dila)
- sobrang pagkapagod o pagkahilo
- mabilis na tibok ng puso
- mabilis na paghinga o pagkaubos ng hininga
- paninilaw (ang balat at mata ay madilaw)
- lumaking lapay
- sobrang dilaw, kulay tsaang ihi

Ang pinakamagandang paraan para alagaan ang bata na may kakulangan sa G6PD ay iwasan/limitahan ang kahit anong nagiging dahilan ng sintomas. Sa tamang pag-aalaga, ang kakulangan sa G6PD ay hindi magiging hadlang para mabuhay ang bata ng malusog at magkaroon ng aktibong buhay.